

1

He was late again.

Simon de Silva watched as lumps of soil covered the last visible patch of the white coffin. More dirt followed, layers and layers of soil dampened by the soft rain forever burying the remnants of a man once so alive and happy.

I can live forever, Kuya!

Bumagsak ang ilan pang kumpol ng lupa sa hukay.

Ang bawat bagsak niyon ay tila nakikipag-unahan sa patak ng ulan.

Umuulan din noon nang mamatay ang mama nila. Agosto din noon at bumabagyo sa Pilipinas. O habagat lang ba iyon? Hindi siya sigurado. Nasa isang business trip siya noon para sa isang mining partnership sa Thailand. Pero naalala niyang narinig niya ang buhos ng ulan mula sa voice message na iniwan ni Mike sa kanyang cellphone. Paos ang boses ng kapatid niya noon, garalgal. Ganoon din ang boses nito nang sabihan siyang umuwi habang nasa ICU ang mama nila. Nang ma-diagnose ang mama nila

na nasa stage four leukemia. Nang maaksidente ang stepfather niya. Sinabihan siya ng kapatid na umuwi para maabutan ang mga ito, o para maihatid man lang niya sa huling hantungan. Pero huli na siyang dumating, lagi siyang huling dumarating.

Kagaya ngayon.

Huli pa rin siya. Huling-huli pa rin siya.

Mataas na ang lupa, halos natabunan na ang hukay. Kaunti pa at papantay na iyon sa kinatatayuan nila. Kaunti pa at ilalagay na ang lapidang tuluyang magseselyo sa hukay. Isang konkreong ebidensya na wala na ang kapatid niya. Nakaukit sa bato ang petsa ng kamatayan nito para makita ng kahit na sinong titingin dito.

Isa muling paalala na masyado na siyang huli.

Na lagi siyang huli.

Napaluhod ang isang babae malapit sa katabing hukay ng sa kapatid niya.

“Barbara...” Umiiyak din ang matandang humagod sa likod ng nakababatang babaeng humihikbi sa katabing hukay.

Lumalakas na ang ulan, tuluyang binabasa ang nakapusod na buhok ng babaeng tinawag na Barbara.

Napakaputla nito, tila papel na matutunaw sa gitna ng tubig-ulan. Hindi nakatulong ang lalong pagdilim ng suot nitong itim na bestida dahil sa unti-unting pagkabasa nito.

“That’s Barbara Sancristobal, sister of your brother’s wife.” Pantay ang tinig ni Rommel, tila nasa opisina lang sila at ipinapaalam nito sa kanya ang huling project cash flow report.

Bahagya siyang tumango sa assistant.

“Do you want me to talk to her now about your brother’s child?” patuloy nito. “I could—”

“No.”

Nagulat ang lalaki na tila ba sinabi niyang hindi siya papasok sa opisina bukas. Siguro ay ganoon nga rin iyon. Hindi siya nagpapaliban ng mga dapat tapusin. *Failure is not an option and I’ll get the things I want, ASAP*, ang motto niya. Saksi roon ang assistant.

“She was in hospital for a week, yes?” aniya, nakatitig pa rin sa babaeng umiiyak.

Tumango si Rommel. “Yes.”

“Give her another week. I don’t want anything to happen to her and to my brother’s child. Her pregnancy is complicated enough as it is.”

Unti-unting lumalakas ang pag-iyak ng langit. Kasabay ng paglakas ng ulan ay ang pagnipis ng mga tao. Pilit inakay ng matandang babae ang dalaga. Pero tila ayaw nitong umalis sa puwesto, tila batang naniniwala na babalik ang taong nang-iwan dito.

Pero hindi na iyon mangyayari. Kahit anong dasal nila, kahit habang buhay silang umiyak at lumuhod at maghintay sa tabi ng puntod ng kapatid nito at ng kapatid niya, hindi na babalik sina Mike at Marilyn sa kanila.

Marahil ay tuluyan na iyong napagtanto ng babae, o marahil naalala nito ang batang nasa sinapupunan, kaya pilit itong tumayo habang yakap ang impis nitong tiyan na tila ba pinoprotektahan ang buhay na pumupintig doon.

Tumalikod si Simon at naglakad papunta sa kanyang kotse.

Basa na ang itim niyang polo at pantalon, dumidikit iyon sa malamig niyang balat. Mike, his brother, would have handed him a coat or an umbrella if he was here. Mike had always been worried about things like that.

“She’s about three weeks pregnant.” Humugot ng panyo si Rommel at pinunasan ang mukha nito.

Binuksan niya ang pinto ng SUV at pumasok sa loob.

“Sir.” Tumango si Silvestre mula sa driver’s seat at inabutan siya ng maliit na tuwalya. Tinanggap niya iyon at pinunasan ang basa niyang mukha. Pinalamig lalo ng aircon ang basa niyang damit.

Ilang saglit pa at pumasok din si Rommel.

“You’re right, she’s in a very delicate condition.” Kinuha nito ang isang towel mula sa attaché case nito at itinuloy ang pagtuyo sa mukha. “The doctor said her body could still reject the implanted embryo. Kakaalam pa lang nila na successful ang IVF embryo transfer at na-confirm pa lang nila na buntis siya. Then the next day, Mike and his wife were in that car accident.”

Tumitig siya sa bintana.

Hindi niya tanaw ang kotseng sinakyan ng babae at ng kasama nito pero nanatili siyang nakatitig sa direksyon niyon. “Bigyan mo pa siya ng isang linggo. Hindi ’yun sapat para magluksa, pero kailangang ayusin ’to nang mabilis. We can’t leave her and my brother’s child like this. I’m sure she’s worried about this, too. She didn’t sign-up for this. The child has to be taken care of.”

Tuluyan nang humagulgol ang langit. Gumuhit ang kidlat sa mga ulap at humabol ang dagundong ng kulog. Tila mga batong tumama ang malalaking butil ng ulan sa salaming bintana.

May batang lalaking tumakbo sa ulan, nagtatalon sa tubig sa kalye. May babae at lalaking lumapit dito, mga magulang siguro nito.

Nakita niya sa isipan ang batang si Mike, mataba ang pisngi at tumatawa sa ulan. His used to love the rain. Pero nagbago na ba iyon?

Hindi niya alam.

Hindi na niya malalaman.

Umandar ang sasakyan at tumabing ang kurtina ng tubig sa labas ng bintana. Hindi na niya makita ang labas sa kapal niyon.

Tumitig siya sa harap kung saan itinatabi ng wiper ang tubig sa windscreen. Tinitigan niya ang kalyeng binabagtas nila.

Hindi na niya malalaman ang maraming bagay tungkol sa kapatid niya. Wala na siyang magagawa roon. Pero sisiguraduhin niyang malalaman niya ang lahat tungkol sa anak nito. He was never there for Mike. He might have been always late for Mike. He

wouldn't be like that for his brother's kid.

He would be there for Mike's child.

He would make sure of it.

2

Nilunok ni Barbara ang dalawang *Estradiol* pill kasabay ng pag-inom ng isang basong tubig. Tinitigan niya ang banig niyon, seventy pieces na lang ang naroon. Dalawang linggo na lang ang itatagal niyon. Dalawang buwan pa niyang kailangang uminom ng pill na iyon.

“Hanggang kailan pa ba ’yang mga gamot na ’yan?” Iniabot ni Nanay Bella ang bote ng folic acid at tinanggap niya iyon. “Hindi ba ’yan makakasama sa baby?”

Binuksan niya ang botelya at nagtaktak ng isang tableta. Nilulon niya rin iyon kasabay ng tubig. Parang bato iyon na bumaba sa kanyang lalamunan. Mahigit dalawang buwan na siyang umiinom ng mga gamot pero may mga araw na para pa rin iyong paglunok ng holen. Isa ito sa mga araw na iyon.

Breathe in. Breathe out, utos niya sa sarili.

“Dalawang buwan pa, ’Nay.” Pinunasan niya ang bibig gamit ang likod ng kamay at hinawakan ang tiyan. “Itong folic acid at ’yung isang prenatal vitamin, hanggang sa makapanganak.”

“Hindi ba ’yan delikado sa baby?”

Umiling siya sa babaeng nagpalaki sa kanya. Tila nadagdagan ang kulubot at uban nito nitong nakaraang dalawang linggo. Paanong hindi? Ang batang pinaliguan nito, pinadede, hinele at tinabihan sa pagtulog para hindi bangungutin kapag kumukulog at kumikidlat—ang batang lumaki at hinihintay nito sa gabi matapos ang mahabang araw para sabayang kumain, wala na, ninakaw na sa kanila.

Kumurap siya para pawiin ang pag-iinit ng mga mata.

“Kailangan ’to ng baby. Sa isang araw pupunta ulit ako kay Doc Matt para tingnan kung tama ’yung level ng hormones ko.”

Inayos niya ang mga gamot at ibinalik sa cabinet sa tabi ng refrigerator. Hindi mapigilan ng mga mata niya ang dumako sa larawan sa ref. Napakaputi ng babae at tsinita ang mga mata. Mestizo ang lalaki at may pilyong ngiti sa mga labi. Mas matingkad pa sa asul na langit at araw ang ngiti ng mga ito. Mas nakabibighani pa kaysa sa puting buhangin sa tabi ng payapang dagat. Nainggit ba ang mga anghel sa kapatid niya at sa asawa nito? Iyon ba ang dahilan kaya kinuha agad ang mga ito?

“Natawagan mo na ba si Ma’am Cadey?” Pinukaw ni Nanay Bella ang kanyang pagmumuni.

Maingat siyang nagpakawala ng hangin at dinampot ang mga plato at kubyertos sa hapag.

“Oo, ’Nay, n’ung isang araw pa. Sinabi ko nang hindi na ’ko makakapasok. Dadalhin ko ’yung resignation letter bukas sa studio.”

Dinala niya ang mga pinagkainan sa lababo para hugasan. Kailangan niyang gumalaw at maging abala. Iyon lang ang paraan para hindi siya dalawin ng mga alaala.

Sinimulan niyang limasan ang mga plato sa tubig sa ilalim ng gripo. Kinuha ni Nanay Bella ang basahan sa mesa sa tabi niya.

“Yung anak ng pamangkin ni Lolita, ’yung kinuwento ko sa ’yo, darating sa isang linggo. Ayusin na natin ’yung kuwarto para sa kanya.”

Tumango siya.

“Ano’ng gagawin natin sa mga naiwang damit at gamit ni Ate Marilyn mo?”

Wala. Iiwan nila ang mga iyon sa dating taguan. Ang mga damit sa cabinet para sa pagdalaw nito, ang mga medical books na hindi pa nito nakukuha, ang

mga *Mills and Boon* pocketbooks nito, iiwan nila iyon sa dating lalagyan. Walang gagalaw sa mga iyon.

Pumikit siya at sandaling humugot ng hangin.

“Dalahin natin sa charity ’yung mga damit niya na puwede pa. Nanghihingi sila ng damit ngayon para sa mga nabagyo. ’Yung ibang mga pocketbooks niya sa kuwarto ko na lang. ’Yung mga medical books niya, ibenta natin sa Recto.”

Pinunasan ni Nanay Bella ang hapag-kainan. “Yung mga gamit nila ni Mike sa apartment nila? Paano ’yun?”

“Dadalahin n’ung assistant ng kapatid ni Mike ’yung mga gamit ni Ate dito. Baka bukas o sa isang araw dumating ’yun. Tingnan din natin kung ano’ng puwede nating ibigay at ibenta.”

“O sige, aayusin ko na ’yung mga gamit sa kuwarto dati ng ate mo. Ilalagay ko na sa kahon, ha?”

“Mamaya na, Nay. Tatapusin ko lang ’to, ’tapos tayo na ang mag-ayos.”

“Ako na—”

“Hindi, tayo nang dalawa.”

Pinukulan niya ng matigas na titig ang sitenta y

seis na si Nanay Bella. Hindi niya ito kailangang kunan ng blood pressure o blood sample para malamang mataas ang presyon ng dugo at cholesterol nito. Isang tingin sa matanda at kita na rito ang pagdaloy ng panahon at ang iniinda ng katawan nito.

“Ano’ng pangalan n’ung pamangkin ni Aling Lolita?” Sinabon niya ang isang baso.

Nagpatuloy sa pagpupunas ang matandang babae kahit tila ayaw pa ring sumang-ayon sa gusto niya. “Simon Rivera. Mayaman at writer daw ’yun. Kaya lang weirdo sabi ni Lita. Kung anu-ano raw ginagawa. Nag-taxi driver daw at nagtinda ng fishball sa bangketa n’ung minsan.”

Tumango siya. Sa tagal niya bilang makeup artist sa mga shows at movies, may ilang writer din siyang kilala na gumawa ng kung anu-ano para makakuha ng inspiration sa pagsusulat.

“Gan’un talaga ang mga writers minsan, weird.” Binanlawan niya ang mga baso.

Kinuha ni Nanay Bella ang isang basong binanlawan niya at tinuyo iyon ng isang tuwalya.

“Barbara, may dumating nga palang sulat kanina.”

Sinabon niya ang mga plato. “Sulat? May nagpapadala pa ba n’un?”

“Hindi alam ng mama mo ang cell number mo o’yung kung anu-ano n’yo sa computer. Pinadala na lang niya sa kartero dahil dito lang naman ang alam niyang address mo.”

Muntikan nang dumulas ang plato sa mga kamay ni Barbara. Humigpit ang hawak niya roon at pinukulan niya muli ng tingin si Nanay Bella. “Sinabi n’yo sa kanya ang nangyari kay Ate?”

“Barbara—”

“Sinabi n’yo sa kanya?”

Hindi ito nag-iwas ng tingin. “Sinulatan ko siya n’ung kailan.”

Parang gusto niyang itapon ang hawak na pinggan. “Bakit pa?”

“Barbara—”

“Iniwan na niya kami sa inyo! Wala siyang pakialam sa ’min at wala rin kaming pakialam sa kanya. Kahit n’ung ’andito pa siya, sa inyo pa rin niya kami itinambak ni Ate. Wala siyang pakialam sa ’min kahit noon pa. Ba’t n’yo pa siya sinulatan?”

“Kailangan mo ng tulong ngayon. Hindi mo kayang magpalaki ng bata mag-isa. Kumplikado ang pagbubuntis mo, mabuti nga’t tinulungan tayo ng kapatid ni Mike sa pag-aayos ng libing—”

“Wala siyang maitutulong sa—”

“Sabi niya, magpapadala daw siya ng pera.”

Pumikit siya at humugot ng malalalim na hininga.

Kailangan niyang kontrolin ang mga emosyon. Hindi niya kailangang ipasa sa bata ang mga hinanakit niya. Pero patuloy sa pagsundot ang tila nagbabagang metal sa kanyang dibdib.

Pera.

Pera, pera, pera!

Siyempre, iyon lang ang kayang ibigay ni Patricia Sancristobal. Ah, mali. Hindi na nga pala Sancristobal ang apelyido nito. Matagal na nga pala itong hiwalay sa asawa. Matagal na itong nagpakasal sa iba. Hindi niya alam at wala siyang pakialam kung ano ang bago nitong apelyido. Hindi niya kailangang alalahanin ang isang taong matagal na silang kinalimutan.

“Barbara—”

“Susulatan ko rin siya, ibibigay ko ’yung e-mail

ko at 'yung cell number ko.” Halos matanggal ang rosas na pinta sa plato sa tindi ng pagkiskis niya rito ng sponge.

May kumatok sa pinto.

“Ako na.” Nagpunas ng kamay si Nanay Bella at tinungo ang sala.

Binanlawan niya ang pinggan at agad pinatay ang tubig sa gripo. Mahalaga ang bawat patak. Kailangan niyang magtipid. Walang pera na maaaring masayang. At wala ring pera na maaari niyang tanggihan. Ang pera ay pera kanino man iyon manggaling. Makakabili iyon ng vitamins, ng damit ng sanggol, ng pacifier at ng gamot kung magkakasakit ang bata. Walang espasyo ang magmalaki. Masyadong maraming mas mahalaga para bigyan niya iyon ng puwang.

“Barbara.”

Napalingon siya sa pinto ng kusina. Tila nakakita ng masamang pangitain si Nanay Bella. Nagtaas siya ng paningin at nasilayan ang masamang pangitaing iyon.

Tila gawa sa itim na tinta ang madilim na business suit ni Attorney Rommel Ponce. Hindi niya kita dahil nakaharang sa harap nito si Nanay Bella, pero sigurado siyang may dalang attaché case ang

lalaki. Kasama yata iyon ng lalaki hanggang sa pagtulog. Dala nito iyon sa pre-wedding beach party ng kapatid niya at ni Mike, dala nito iyon sa ICU nang kausapin siya nito tungkol sa libing, dala nito iyon sa morgue.

“Atty. Ponce.” Tinuyo niya ang kamay sa isang dishtowel.

“Rommel na lang,” anito.

Pumasok si Nanay Bella sa kusina at sumunod dito ang abogado. Tila naligaw ito sa suot nitong mamahaling suit sa loob ng bahay nilang luma ngunit masigla ang kulay.

“Upo kayo, Attorney.” Hinila ni Nanay Bella ang isang upuan para sa abogado. “Gusto n’yo ho ng tubig? Juice?”

“Tubig na lang po.”

Tumango ang matanda at pumunta sa shelf ng mga baso na para bang sinusuwelduhan ito ng lalaki. Hindi na iyon natanggal ni Nanay Bella. Lagi nitong tinuturing na mas nakatataas ang mga taong may pera na para bang mas mabuting tao ang mga ito kaysa rito. Hindi totoo iyon. Si Nanay Bella ang pinakamabuting taong kilala niya. Pero ang mahigit na limang dekadang pamamasukan bilang kasambahay

ay nagtatak dito na mas mataas sa matanda ang mga taong limpak-limpak ang pera sa bangko.

“Attorney.” Umupo siya sa tapat ng lalaki.

“How are you doing, Barbara?”

Pinilit niyang tumango sa lalaki. Bata pa si Rommel Ponce. Siguro ay limang taon lang ang tanda sa asawa ng kapatid niya. Tila gawa sa ceramic ang mga pisngi ng lalaki at mabibiyak ang mga iyon kapag sinubukan nitong ngumiti.

“Okay lang, salamat. May kailangan ba kayo?” Hindi siya bastos pero ayaw niyang patagalin ang usapan. “Dala n’yo ho ba ’yung mga gamit ni Ate?”

Tumango ang lalaki. “Yes, I left the boxes in the living room. But there’s something else I want to discuss with you.”

Inilapag ni Nanay Bella ang baso ng tubig sa harap nito.

“Salamat,” anang lalaki.

Pinilit niyang huminga nang maayos. “Ano ho ’yun?”

“Mike’s brother, Mr. De Silva, has a proposition for you. It’s about the child.”

Wala sa sariling iniyakap niya ang mga braso sa tiyan. Alam na niya ang gusto nito—o ng kliyente nito—bago pa nito ipahayag iyon.

“No,” matigas niyang sambit.

“No?” ulit nito, tila hindi sigurado na tama ang narinig. “I have yet to tell you what Mr. De Silva wants.”

“I already know. The answer is no.”

“Miss Sancristobal—”

“No, Mr. Ponce, the child will stay with me. Kung gusto siyang kunin ni Mr. De Silva, sa korte na kami magkita. I will fight for custody. At ’wag niya ’kong i-intimidate sa yaman niya.”

Dapat bigyan ng award ang lalaki sa pagiging blangko ng mukha nito. Daig pa nito ang makinis na maskara na ginagawa ng kaibigan niyang si Jen para sa villain sa isang fantaserye.

“Miss Sancristobal, Mr. De Silva is just worried about you and the child. I assure you, he only wants the best for his brother’s child. No offense, but compared to you, he can provide better care and education, be reasonable.”

Alam nito kung saan susuntok para epektibong

makapanakit. Siguro iyon ay dahil iyon sa trabaho ng lalaki—ang busisiin ang kahinaan ng kalaban at samantalahin iyon. Lumalangoy sa pera si Mr. De Silva, walang duda roon. Ayon sa ate niya, may-ari ng hotels at resort sa bansa ang nakatatandang kapatid ni Mike. May ilan din itong projects sa Thailand at Malaysia. Kahit kailan, hindi mamomroblema ang bata tungkol sa pambili ng projects at pambili ng sapatos kapag lumaki ito sa poder ni De Silva.

Pero hindi lang iyon ang kailangan ng isang bata.

“Ba’t hindi siya nakarating sa kasal ni Ate at ni Mike?”

Nanatiling makinis ang mukha ng abogado, isang maskarang daig pa ang ilang patong na foundation at primer. “Marilyn and Mike married each other just three weeks after they met. Mr. De Silva was in Hong Kong for a very important business transaction during that month. His brother told him about the wedding less than a week before it took place. Mr. De Silva couldn’t possibly cancel a business meeting that took years of planning with just a flick of his wrist. Masyadong maraming tao ang naghirap para maisulong ang business venture na ’yun. Hindi niya puwedeng iwan iyon ng gan’un-ganoon na lang.”

“Of course.”

“Do not get emotional, Miss. Sancristobal. Be practical and reasonable. You are not financially equipped to raise a child. I also know you want the best for your—nephew or niece, and I assure you, that he or she will be in good hands with my client.”

“Bakit hindi si Mr. De Silva ang nagpunta dito para kausapin ako tungkol sa bata?”

Bumuka ang bibig ng abogado pero inunahan niya ito.

“He’s busy, tama ba?”

Bumuka ulit ang bibig nito pero inunahan niya ulit. Kahit sinong magtrabaho ng anim na taon sa ilalim ng makeup artist na si Cadey Florencio, matututo talagang bumilis ang bibig.

“Hindi niya ulit puwedeng iwan, tama ba? Napakaraming tao ang naghirap para sa kung ano ang inaasikaso niya ngayon, tama ba? Sobrang importante at mas importante iyon kaysa sa batang ito na sinasabi mong napakahalaga sa kanya, tama ba? Kung ngayon pa lang hindi na niya magawang magbigay ng oras para sa batang ’to, paano pa kapag kasama na niya? Bakit ako maniniwala na bibigyan niya ng tamang panahon at pag-aalaga ang bata samantalang ngayon pa lang hindi na niya magawa?”

Tumiim-bagang ang lalaki. “He’s cancelled so many meetings and has barely slept after his brother’s death. He needed to work extra hours. He’s doing everything he can to fulfill his responsibilities.”

Gusto niyang tumawa. Parang utang na loob pa sa lalaking iyon ang pag-aasikaso nito sa libing, na para bang dapat itong basbasan sa Vatican dahil doon. Kung tutuusin, balewala iyon. Ang libing lang ng kapatid nito ang kaya nitong asikasuhin, ang libing lang ng kapatid nito ang kaya nitong bigyang-pansin.

“Sabihin mo kay Mr. De Silva, maghain siya ng pormal na kaso sa korte para sa gusto niya. Kasi hindi ako madadaan sa pera o sa pag-uusap na ganito. Hindi ako naniniwalang kaya niyang alagaan ang batang dala ko. Ipapasa niya lang sa mga yaya, sigurado ako. We both know that.”

Nanatiling nakatiim-bagang ang lalaki. “Walang naiwan na asset ang kapatid mo o si Mike. Isinangla nila lahat para matustusan ang IVF at gestational surrogacy. Paano mo bubuhayin ang bata?”

“May trabaho ako.”

“Delikado ang pagbubuntis mo. Masyadong hectic at demanding ang trabaho mo sa mga shows at pelikula.”

“Wag mong problemahin ’yon, matutustusan ko ang pagbubuntis ko at ang batang ’to. At ’wag ka ring mag-alala, hindi ako manghuhuthot ng pera sa boss mo para sa ’kin at sa *pamangkin* niya.”

Tila marami pang nais sabihin ang lalaki sa kanya. Pero sa huli ay tumiim-bagang muli ito.

“I understand you are highly emotional right now due to the pregnancy. But think about Mr. De Silva’s proposition. We will keep in contact.”

Tumayo ito at iniabot ang kamay sa kanya. Tumayo rin siya at pilit tinanggap ang napakagandang palad nito para makipagkamay rin. She was not a bitch, although she felt like one a while ago. Pero mahirap maging magalang sa harap ng taong gustong kunin ang isa sa pinakamahalagang tao sa buhay niya.

“I won’t change my mind, Mr. Ponce. Unless your boss proves that he’ll be more than an unlimited source of cash fund for the child.”

Tipid itong tumango at binawi ang kamay.

Tinanguan nito si Nanay Bella na tahimik na nakikinig sa kanila sa tabi ng ref.

Nakahinga lamang nang maluwag si Barbara nang tuluyan nang lumabas ng bahay ang lalaki.

3

Madaling hanapin ang bahay ni Barbara Sancristobal. Pagliko sa street ng address nito, bulag lang ang hindi makakatanaw sa nagsusumigaw na pulang roof sign nitong *Barbara Sancristobal's Dress Shop*. Nakalagay roon na tumatanggap ito ng patahi ng uniform, gowns, kurtina, cover ng sala set, etcetera.

Lumabas si Simon ng kotse at muntik na siyang mabangga ng mga batang dumadaan.

“Sorry po!” Tumakbo ang mga ito at humalo sa iba pang mga bata sa kalsada.

Ibinalik niya ang tingin sa bahay. Sa pagitan niya at ng lumang bahay ay tila isang circus parade. Maraming mga batang nakaberde at asul na uniporme ang tumatakbo, may mga magulang, mga aso, pusa, mga nagtitinda ng dirty ice cream. May isa pang nagtitinda ng multi-colored na mga sisiw. May isa ring naka-bike na sumisigaw ng binatangog—whatever that was. The cacophony of noise, psychedelic colors and throng of people almost made him dizzy.

Hindi niya maalala kung kailan siya huling lumabas at naglakad sa ganitong klaseng lugar. O

hindi pa ba talaga? Had Mike been in this place? Did Mike like this kind of place?

He would never know.

Or maybe he would.

Maybe he could.

Tumawid siya sa kalsada.

Luma na ang bahay. Tila isang anay na lang at bibigay na ang pundasyon nito. That was an exaggeration, of course, but the house did look awful. Kapag nagkataon, dito lalaki ang anak ng kapatid niya. Hindi naman siya matapobre, pero hindi rin siya bulag. May mas magandang lugar para lumaki ang isang bata. Hindi ito ang lugar na iyon.

Kumatok si Simon sa pinto.

“Sandali!” Babae ang sumagot.

Inayos niya ang ekspresyon sa kanyang mukha. Mike said he always looked intimidating. Para raw siyang laging maglalaro ng poker sa kawalan ng emosyon ng mukha niya. But managing *De Silva Hotels* at such an early age, he had learned that he needed to look stern for people to take him seriously.

Bumukas ang pinto at humantad sa harap niya

ang isang morenang babae.

“Uh, sino sila?”

Si Barbara Sancristobal. Nakita na niya ito sa libing at may larawan din ito sa profile report na ibinigay sa kanya ni Rommel noong isang linggo. He shouldn't be surprised, really. But he supposed seeing her upclose was a different matter.

Hindi ito kabilang sa majority ng mga Pilipina na obsessed pumuti, na kulang na lang ay manipulahin ang genes para magmukhang albino.

Her skin was glowing. It was a healthy golden color. But he doubted it was au naturel. No, this was a woman who took care of herself. Long, thick, lustrous black hair carefully pulled back into a high ponytail, soft clear creamy skin no doubt pampered with lotions, creams and moisturizers, plump moist lips coated in pink lip gloss—yes, this woman knew how to keep herself pretty.

“Ah, yes? Sino sila?” Tila sinusubukan nitong huwag siyang hagudin ng tingin mula ulo hanggang paa.

He sure hoped he wasn't wearing his poker face. He didn't want to intimidate her. He needed to look friendly. The last thing he needed was to be at war

with the woman carrying his brother's child.

He held out his hand for a handshake.

“Hi, I’m Simon—”

“Oh! Simon Rivera? ’Yung boarder?”

Mahirap ang hindi kumurap sa tingkad ng ngiti nito.

“Kahapon ka pa namin hinihintay! Pasok!”
Pumulupot ang mga daliri ng babae sa kanyang pupulsuhan at hinila siya sa loob.

“Pasensya na, medyo magulo nang konti ’tong bahay kasi may mga mini-makeup-an ako, pero naayos na namin ’yung kuwarta mo.”

Ang una niyang napansin ay ang pagbabago ng temperatura. Hapon na pero maalinsangan pa rin sa labas, pero malamig sa loob ng bahay ni Barbara. Walang AC, sigurado siya, pero sapat ang air cooler fan sa sala para gawing malamig ang hangin. Ang pangalawa niyang napansin ay ang kulay yellow na pintura ng silid. Pagkatapos ay ang mga gamit. Wala siyang artistic bone sa katawan, pero alam niya kung paano mag-appreciate ng style. And the house definitely had style.

Yellow na mga dingding na nagkukulay kahel sa

panghapong araw, malaking kremang couch na may makukulay na throw pillows, isang ethnic center rug, isang palmera sa gilid, isang malaking multi picture frame na tila pinagtabi-tabing hugis parisukat sa itaas ng thirty-two-inch LED TV, isang mataas at mahabang lamp shade, transparent green curtains with golden embroidery—the room was nothing compared to his multi million penthouse—but it was classy, comfortable.

“Girls, sandali lang, ha?”

Pinukaw ng boses ng dalaga ang pagtitig niya sa bahay nito. Napatingin siya sa tatlong dalagita na nakaupo sa couch at sa isang silya. Dalawa sa mga ito ay naka-makeup na tila rarampa sa catwalk. Iyong isang dalagita ay tila nasa kalagitnaan ng paglalagay ng foundation nang naistorbo dahil sa pagdating niya.

“Makeup artist ako at gumagawa din ako ng costumes.” Hinila siya ni Barbara papunta sa isang silid. “Tumigil muna ako sa trabaho ngayon, pero tumatanggap pa rin ako ng makeup and hairstyle gigs sa mga kakilala at kapitbahay. So dito ’yung kuwarter mo. Kasama na sa upa ’yung tubig, ilaw at pagkain. Magaling kaming magluto, promise. Walang curfew pero bawal magdala ng mga babae at mga lalaki, ha? Isa lang ang banyo, ’andoon sa may kusina. Wala

kaming garahe pero puwedeng i-park 'yung kotse d'yan sa tabi, 'wag kang mag-alala, safe ang lugar na 'to, magkakilala kaming lahat dito. Uhm... ano pa ba?"

Humarap ito sa kanya.

She sure knew how to talk fast. Ni hindi siya nakasingit.

Expectant itong tumitig sa kanya na tila inaasahang magtanong siya. Bumuka ang bibig ni Simon pero isinara rin niya. The soft afternoon sun made Barbara's skin glow even more. Kung tutubuan ang dalaga ng pakpak ng paru-paro at lilipad ay hindi siya magugulat. He had the sudden urge to touch her cheeks...

"So uh... may tanong?" May pag-aalangan sa tinig nito dahil sa hindi niya pag-imik.

He frowned. She probably thought he was some dimwit.

"Uhm..."

"Hindi mo gusto 'tong lugar?" Dumilim ang paligid kasabay ng pagtakas ng ngiti nito.

"No," agad niyang tanggi. "It's not, it's just that—"

“What? May problema ba? May nakita ka nang ibang uupahan?”

He wondered if she knew what she was doing to him. Pakiramdam niya ay siya ang pinakamasamang nilalang kapag tinanggihan niya ito.

Maliit na ngumiti ang babae pero alam nilang dalawa na malungkot iyon. “It’s okay. Pero sakaling magbago ulit ang isip mo—”

“I’ll take the room. Okay?”

Napakurap ito. She had brown eyes, with golden flecks in the irises.

“Okay?” ulit nito, tila nagtatanong kung tama ang dinig nito.

Tumango siya, tinatantya ang sarili.

This was not a good idea, but Simon hoped it would work. At ayon sa isang study, ang pagsunod sa gut feeling ay may logical basis. Subconsciously, sa intuitive level, may kakayahan ang utak na magproseso ng positive at negative factors sa mga options para makagawa ng optimal decision. Guess he had just to rely on that gut instinct at this particular moment.

“I’ll take the room. How much is the rent again?”

“Seven thousand a month.” Pinagsalikop ng babae ang mga palad. She had pretty hands—long, elegant fingers and short, clean fingernails. “Pero kasama na lahat d’un. May *WiFi*, landline. Hindi ka naman magpupuno ng swimming pool araw-araw o magpa-party sa kuwarta mo gabi-gabi, di ba? At ’yung pagkain, puwede kang mag-request ng gusto mong luto minsan. Kasama na rin ang room cleaning. We can help you with your laundry, too, if you want, but with additional charge. Iyon lang ang additional, promise.

“Malapit din kami sa lahat dito. You’re a writer, yes? There are a lot of people to observe here. Malapit kami sa schools, sa palengke, sa ospital, sa barber shop, sa tindahan ng banana cue. This neighborhood is teeming with writing material. But I’m sure you already saw that outside. So, uh... masyado bang mataas ang seven thousand a month?”

Simon thought it was fair enough. May budget friendly condo rentals sila along Boni Serrano road. Seven thousand plus ang monthly doon para sa isang twenty-five square meters na silid. May additional pa iyon para sa security at maintenance. Hindi pa kasama roon ang pagkain. This was a bargain.

“When can I move in?” he asked.

Napakunot ito at pinigilan niya ang mga daliri na haplusin ang noo nito para pawiin ang mga linya roon.

“Hindi mo pa dala ngayon ’yung mga gamit mo? Akala namin ngayon ka na lilipat. Kahapon ka pa namin hinihintay actually, akala nga namin nagbago na ang isip mo.”

Ah. Gut instinct, hindi iyon nagpo-provide ng alibi. Mabuti na lang at hindi lang gut instinct ang mayroon siya.

“I left my luggage at a nearby hotel. Dadaanan ko na lang ngayong gabi para dito na ’ko matulog.”

“Awesome!”

He never really believed in the *‘her smile lit up the whole room’* saying. Pero first hand niyang nasaksihan iyon ngayon.

“Ate Barbs?” narinig nilang tawag ng isang dalagita mula sa sala.

“Sandali lang, Ina!” sagot dito ng dalaga. Malapad pa rin ang ngiti nito nang balingan siya ulit.

He forced himself not to look away from her overwhelming brightness.

“So, iwan muna kita. P’wedeng tingnan mo muna ’tong kuwarto, ’yung closet, ’yung kama. Sabihin mo na lang kung aalis ka na para kunin ’yung gamit mo.”

Tumango siya. “Okay.”

“Sige, sandali lang, ha.”

Tumakbo ito palabas ng silid. Dumampi sa kanyang ilong ang amoy ng strawberries at lemons. He never liked fruity fragrances in women, but her scent made his maleness harden.

Umiling siya sa sarili at inilibot ang tingin sa kulay kremang silid. He couldn’t think of sex right now. And he definitely couldn’t think about sex with Barbara even though his hormones said otherwise.

Now, ano ba itong pinasok niya?